

Chapter

One

Napahawak sa sentido niya si Audrey pagkatapos ay napatingin sa desk clock at napasinghap nang makitang ilang minuto na lang at alas doce na. Hinubad niya ang suot na eyeglasses at ipinikit ang mga mata saka sumandal sa swivel chair niya. Pagmulat ay tumingin siya sa kisame ng opisina.

Nitong huli, mas pinipili niyang magpalipas ng oras sa opisina para pagurin ang sarili sa trabaho. Ayaw niyang bigyan ng kahit saglit ang isip para matuon sa mga bagay na gusto na lang niyang kalimutan.

Simula nang maghiwalay ang mga magulang

ay naging bangungot ang buhay ni Audrey. Hindi nakayanan ng mommy niya ang sama ng loob. Inatake ito sa puso nang malaman na may ibang pamilya ang papa niya at na may mga anak ito sa ibang babae. Ang masakit pa, ilang taon lang ang tanda niya sa mga anak nito sa labas.

Dahil sa nangyari sa kanyang ina, iningatan ni Audrey ang puso niya. Hanggang isang araw, natuto iyong magmahal. Naging masaya siya sa piling ni Ethan. Tinuruan siya nitong kalimutan ang galit sa puso niya para sa mga kalalakihan. Subalit ang inakala niyang walang hanggan ay nauwi rin sa wala. Iniwan siya nito sa mismong araw ng kasal nila.

Magkahalong kahihyan at sakit ang nadama niya nang mga panahong iyon. Isang bagay na hanggang ngayon ay dinaramdam niya at lalong nagpatigas sa puso niya. Hindi na siya papayag na muli pang masaktan.

Pagkatapos ng eskandalong iyon, bumalik sa dati ang mundo niya. Itinuon ni Audrey ang oras at atensyon sa pagpapatakbo ng kompanyang pag-aari ng lolo niya na ipinamana sa kanya nang mamatay ang kanyang mommy. Siya na ngayon president ng *Asia Builders and Development Corporation*—isang construction company.

Tumayo siya mula sa kinauupuan at dumungaw sa bintana ng opisina. Tanaw niya ang iba't iba at naggagandahang ilaw ng Maynila. Sana ganito din kakulay ang mundo niya. Nakangiti sana siya ngayon.

Narinig niya ang mahinang beep ng alarm na nagsasaad na alas doce na. Ipinikit niya ang mga mata at muling malungkot na ngumiti.

“Happy birthday to me. Happy birthday, Audrey,” bulong niya sa sarili bago muling nagmulat.

Kung nabubuhay lang sana ang mommy niya, siguradong binulabog na nito ang mahimbing niyang pagtulog para lang batiin siya at hagkan. Kaya lang, wala na ito at habang-buhay na lang iyong magiging ‘sana.’

“I miss you, Ma.”

Pinigilan ni Audrey ang pagtulo ng luha. Huminga siya nang malalim bago bumalik sa kanyang mesa. Iniligpit niya ang mga papeles na naroon at pinatay ang computer. Kinuha niya ang jacket na nakasabit sa sandalan ng upuan at dinampot ang bag niya. In-off niya ang ilaw bago siya tuluyang lumabas.

Sumakay siya ng elevator pababa ng gusali. Sa ground floor, ipinagbukas siya ng guard ng pinto palabas. Dumerecho siya sa kotse niyang nakaparada na sa tapat at agad na sumakay matapos buksan ng

driver niya ang pinto.

Pabagsak siyang sumandal sa upuan. Gusto niyang pagdating sa bahay ay pagod na pagod ang buo niyang katawan. Kumbaga sa baterya, iyong drained talaga at hindi pwedeng magamit hangga't hindi nakakargahan.

Mabigat na ang talukap ng mga mata niya nang makauwi. Pagbukas niya ng pinto, natigilan siya nang makitang may nakaupo sa couch ng sala. Nang makilala ito, napangiti si Audrey at dahan-dahang lumapit sa natutulog na babae. Kahit may-edad na ito, nagpupuyat pa rin ito sa paghihintay sa kanyang pag-uwi.

Hinawi niya ang ilang hibla ng puting buhok na tumabing sa mukha ng matanda bago hinaplos ang pisngi nito. Dinampian niya ito ng halik sa noo.

Dahan-dahan itong kumilos at nagmulat ng mga mata. Napangiti ito nang masilayan ang mukha niya.

“Hello, Yaya. Good morning.”

Mahina itong tumawa at umayos ng upo. Iniabot nito sa kanya ang regalong hawak nito.

“Maligayang kaarawan, palangga.”

Napangiti si Audrey, tinanggap ang ibinigay nito saka ito niyakap. Ito na lang ang mayroon siya, ang babaeng kayakap niya at buong buhay niyang nakasama, tumayong tagapag-alaga at tagapagtanggol

niya, at higit sa lahat naging ina niya na rin.

Hindi niya napigilang maiyak habang yakap ito. Naramdaman niya ang banayad na paghagod nito sa kanyang likod. Hindi niya alam kung ano ang gagawin kung pati ito ay mawawala sa kanya.

“Tama na ’yan, palangga.”

Mula noong bata siya ‘palangga’ na ang tawag nito sa kanya. Isa daw iyong salitang Ilonggo na ang ibig sabihin ay *mahal*.

Kusa siyang kumalas sa pagkakayakap dito bago inabot ang kamay nito.

“Palangga ko po kayo,” aniya. “Huwag na huwag n’yo po akong iwan, Yaya.”

Lagi siyang iniwan ng mga taong mahal niya. Sa kabila niyon, sinisikap niyang magpakatatag. At isa sa mga dahilan kung bakit nakayanan niya ang mga pinagdaanan ay ang kanyang yaya. Tinuyo ng matanda ang mga luha niya gamit ang mga daliri nito.

“Palangga taka, indi taka pagbyaan.”

Mahal kita. Hindi kita iiwan.

Muli siya nitong niyakap nang mahigpit.



Nang bumaba si Audrey ng bahay kinabukasan, derecho na siya sa palabas. Hindi na siya kakain dahil male-late na siya. Kailangan na niyang umalis para

umabot siya sa oras kahit maipit pa siya sa traffic.

Kung mag-a-almusal pa siya, tiyak na mahuhuli siya.

“Ang dami naman po nito, Aling Neve,” narinig niyang sabi ng isa sa mga kasambahay nilang si Aling Berna habang palapit siya sa pinto.

Ano kaya ang pinagkakaabalahan ng yaya niya?

Natigilan siya nang makita ang iba’t ibang arrangement ng mga bulaklak na kakababa lang ng mga nag-deliver. Ayaw na ayaw niyang nakakakita ng bulaklak lalo na sa kaarawan niya. May naaalala kasi siyang masasakit sa tuwing nakakakita siya ng bulaklak.

“Kanino galing ang mga iyan?”

Sabay-sabay na napalingon ang mga ito nang marinig ang madiin niyang boses.

“Ma’am, galing po kay—” Naputol ang sasabihin ni Aling Berna nang hawakan ni Yaya Neve ang kamay nito.

“Galing kay Mr. Evangelista,” tugon ng yaya niya na blangko ang ekspresyon.

Kumurap si Audrey matapos marinig ang sagot nito. Tumingin siya sa dalawang lalaking naghatid ng mga bulaklak.

“Ibalik n’yo ang mga ’yan sa nagbigay.”

Halatang nabigla niya ang mga ito.

“Pero, ma’am—”

“Pakisabi sa kanya hindi flower shop ang bahay ko. At buhay pa ako kaya hindi niya ako kailangang padalhan ng bulaklak. Wala rin akong sakit,” mataray niyang putol sa sasabihin ng isa sa mga nag-deliver. “At sabihin mo din, na kahit mamatay ako at nakaburol na, hinding-hindi ko pa rin matatanggap ang bulaklak na galing sa isang walang-kwentang taong tulad niya,” pagtatapos niya.

“Pero kasi po, ma’am, kami naman po ang—”

“Hijo.” Nilapitan ito ng yaya niya. “Sige na, ibalik n’yo na ’yan. Sabihin mo na lang ang mga sinabi ni Audrey para sa kanya.”

Napakamot na lang ng ulo ang delivery boy. Walang nagawa ang mga ito kundi dalhin pabalik ang mga bulaklak.

Nagtama ang mga mata nila ng yaya niya nang makaalis ang dalawa. Pilit niya itong nginitian bago siya humalik sa pisngi nito. Si Aling Berna ay pumasok na sa kabahayan.

“Alis na po ako, Yaya,” paalam niya.

“Pero hindi ka pa kumakain.”

“Doon na lang po sa office. Late na po ako. Sige po.”

Naglakad si Audrey patungo sa kanyang kotse.

Buhay na ang makina niyon at hinihintay na lang siya ng driver.

Nasa tapat na siya ng pinto ng kotse nang tawagin siya ni Yaya Neve. Nilingon niya ito. Lumapit ang matanda sa kanya at inayos ang suot niyang blazer.

“Ang ganda mo talaga, anak. Pero mas bagay sa ’yo kung nakalugay ang buhok mo.” Binigyan siya nito ng isang maliit na ngiti. “Palangga, happy birthday.”

“Salamat po, Yaya.”

Hinawakan nito ang kamay niya. “Alam kong magagalit ka sa sasabihin ko pero isa siya sa nagbigay buhay sa ’yo. Isa siya sa naging dahilan para makita mo ang ganda ng mundo.”

Bumuntong-hininga si Audrey. Alam niya na ang taong nagpadala ng mga bulaklak ang tinutukoy nito.

“Siya din po ang dahilan kung bakit pumangit ang tingin ko sa mundo. Siya ang dahilan kung bakit nawala ang mommy ko, kung bakit may sugat sa puso ko. Natuto akong magalit dahil din sa kanya.” Yumuko ang matanda at tumingin sa magkahawak nilang mga kamay. Hinalikan niya ito sa noo. “I have to go, Yaya.”

Tumango na lamang ito at humakbang paatras nang makasakay siya sa kotse.



“Jemuel, get up!”

Umungol si Jemuel nang hampasin siya sa mukha ng unan ng nakakatanda niyang kapatid.

Madaling-araw na siyang umuwi kanina. Galing siya sa birthday party ng isang kaibigan. Wala siyang planong bumangon dahil hindi siya papasok ngayon sa firm.

Hindi siya nagmulat. “Derek, gusto ko pang matulog. Inaantok pa ako,” aniya sa tonong tinatamad.

“Bumangon ka na diyan kung ayaw mong ma-disappoint si Daddy sa ’yo.”

Napadilat siya sa narinig. “Si Dad?”

“Mismo. Nakalimutan mo na ba na ngayon ang uwi niya kasama ang bago niyang asawa?” Napabangon na siyang tuluyan. Sinapo niya ang ulong sobrang sakit. Naparami ang inom niya kagabi sa party.

“Maligo ka na at magbihis,” utos ng kapatid bago ito naglakad palayo sa kama.

“Derek, dito ba titira sa bahay si Dad?” habol ni Jemuel bago pa ito tuluyang makalabas ng silid niya. Nagtaas siya ng tingin nang tumawa ito. “Ano’ng nakakatawa?”

“Gusto mo bang sumabog si Glaidel oras na makita ang babae ni Dad?”

Ang Ate Glaidel nila ang panganay sa kanilang

tatlo at ang kasalukuyang namumuno sa lahat ng negosyo ng kanilang pamilya.

“Bakit ba kasi hindi pa tumino ’yang tatay natin?”

Tinawanan siya nito. “Kung makapagsalita ka parang hindi ka katulad ni Dad, ah. Pareho lang kayong babaero.”

Binato niya ito ng unan. “Bakit ikaw? Isa ka din naman sa amin, ah?”

Umiling ito. “Mas malala ka, bro. At least ako ngayon, ikakasal na. Makakahanap ka din ng katapat mo, Jemuel. Maghintay ka lang.” Umismid ito saka lumabas ng kwarto niya.

“Katapat? Hell, no!”

Tuluyan na siyang bumangon at dumerecho sa banyo para maligo.

Jemuel Androsa—simpatiko, gwapo, anak-mayaman at higit sa lahat isang dakilang womanizer. Bente-ocho anyos na siya pero wala pa rin siyang planong lumagay sa tahimik. Wala sa isip niya ang magkapamilya at magpatali sa isang babae.

Hindi naman sa dahil hindi niya kayang bumuhay ng pamilya. Isa siyang kilalang arkitekto. Nakapagpundar na siya ng sarili niyang firm. Nirespeto naman ng mga kapatid niya ang desisyon niyang hindi sumali sa negosyo ng pamilya.

Kasalukuyang CEO ang nakatatanda niyang kapatid na babae ng handicraft business na pinalago ng side ng kanilang ina. Minana naman ni Derek ang architectural firm ng kanilang ama.

Pasipol-sipol na bumaba ng bahay si Jemuel. Napangiti siya nang makita ang ate niyang nasa paanan ng hagdan. Walang dudang lahi sila ng magaganda at gwapo. Maagang nawala ang mommy nila nang mamatay ito sa panganganak sa kanya kaya lumaki siya sa pangangalaga ng Ate Glaidel niya.

“Hi, eldest.” Isang matunog na halik ang idinampi niya sa pisngi nito. “Good morning.”

Ngumiti ito sa kanya. “Isip-bata ka pa rin hanggang ngayon, youngest.”

Ngumisi lang siya at inialok dito ang braso niya. “Pwede mo akong escort ngayon, Ate. Hahayaan kong mapa-sa ’yo ako today.”

Pinitik nito ang tainga niya. Tumawa siya sa ginawa nito pero tinanggap nito ang braso niya. “Si Derek nga pala nasaan na?”

“Nauna na. Sinundo ang fiancée niya.”

Tumango siya sa sinabi nito. Lumabas sila ng bahay patungo sa garahe pero huminto siya sa paglalakad nang tanaw na nila ang sasakyan. Tiningala siya ng kapatid.

“Ate, okay lang ba sa ’yong makita si Dad kasama ang bago niyanga asawa?”

Nagdilim ang ekspresyon nito. “Jemuel, kahit kailan hindi siya magiging asawa ni Dad. Isa lang ang asawa ni Dad at si Mommy iyon. Hinding-hindi siya magiging miyembro ng pamilya natin.”

Tumango na lang siya. “Sorry, Ate.” Napakunot ang noo niya nang matitigan ito. “O, ba’t ganyan ang ngiti mo?”

“Wala lang. Kung ganyan ka sana kabait sa lahat ng babae, hindi ka mababansagang heartbreaker. Dapat matuto ka nang magpahalaga sa mga kababaihan bukod sa akin.”

“Ate, mapagmahal ako. Kaya nga ang daming naghahabol sa akin, dahil masarap akong magmahal.”

Umiling ito sa kanya. “Ewan ko sa ’yo.”

He chuckled. Nagpatuloy sila sa paglalakad. Pinagbukas niya ng pinto ng kotse ang kapatid saka inikutan ang kotse papunta sa kabilang pinto.

“Oo nga pala.” Napalingon si Jemuel sa ate niya. “Hindi na muna ako uuwi ng bahay. Doon na muna ako sa Quezon City habang nandito si Dad at ang querida niya. Gusto mo ba akong samahan?”

Bagong bili ng ate niya ang bahay na iyon sa Quezon City. Minsan hindi niya masakyan ang trip

nito. Masyadong mamahalin ang collection nito. Marami na itong bahay na ipinagawa at binili, pero madalas ay walang tumatao sa mga iyon dahil wala pa itong asawa at anak. Mayroon itong nobyo pero hanggang ngayon hindi pa rin ito nag-aasawa at hindi niya alam kung bakit. Hindi niya ugaling magtanong tungkol sa personal nitong buhay.

“Sure! Hahayaan ba naman kitang mag-isa?” aniya sabay kindat dito. Tumawa ito.

“Diyan sa pakindat-kindat mo nakukuha ang mga biktima mo, eh!”

“I just hope you understand na may mga panahon na mas gugustuhin kong sa sariling condo ko umuwi.” Umiling lang ito ulit.

